
MAIL PERMIT No. 2C-17-05-533/ ENTERED AS 1ST CLASS

ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 11 Blg. 15 | August 10-16, 2026 | P20.00




# BUWAN NG WIKA, NAGSIMULA BILANG ISANG LINGGONG PAGGUNITA

pahina 2



Kauna-unahang Pagsasanay sa Produksyon ng Nata de Coco, Dagdag-Kabuhayan para sa mga Magniniyog- story p.6



REBISYON SA ORTOGRAPIYANG UBU MONUVU, ISINAGAWA NG KWF SA LUNGSOD KIDAPAWAN- story p.2




PSA RSSO IV-A, PSO Batangas and the City Civil Registry Office of City of Calaca Successfully Conduct Quick-Capture BRAP Barangay Gathering in Brgy. Lumbang Calzada, Calaca City, Batangas- ***story p.7***




SSS, BIR strengthen interagency cooperation through landmark partnership— story p.6



KWF, Nagsagawa ng Courtesy Visit sa NCIP Koronadal at Ilang Unibersidad at SWK sa Mindanao- story p.2




(L-R) Ms. Kristine Rabino, Social Welfare Officer III and SAMS Section Head; Ms. Donnalyn P. Dalumpines, Social Worker from Chosen Children Village; and Ms. Mary Ann Madrino, Social Welfare Officer II under SAMS, during a regionwide monitoring visit in CALABARZON.- ***story p.7***

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# BUWAN NG WIKA, NAGSIMULA BILANG ISANG LINGGONG PAGGUNITA

Ang Buwan ng Wikang Pambansa ay dating ipinagdiriwang sa loob lámang ng isang linggo, mula huling linggo ng Marso hanggang sa unang linggo ng Abril.

Sa pagbangon ng ating bansa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1946, gumawa ng paraan ang pamahalaan para higit pang maitaguyod at mapaunlad ang paggamit ng ating Wikang Pambansa. Isa sa mga ito ang paghirang ng Linggo ng Wikang Pambansa sa Proklamasyon Blg. 35 ni Pang. Sergio Osmeña.

Ayon sa proklamasyong ito, ang Wikang Pambansa ay ipagdiriwang nang 7 araw bago ang ika-2 ng Abril na kaarawan ni Francisco "Balagtas" Baltazar, ang ating pambansang makatang tanyag sa kaniyang akdang Florante at Laura. Masiglang pinagkakaisa sa pagdiriwang na ito ang iba't ibang sektor ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga gawaing nakatutulong sa pag-unlad ng Wikang Pambansa.

Noong 1955, isang malaking pagbabago ang nangyari nang lagdaan ni Pang. Ramon Magsaysay ang Proklamasyon Blg. 186 na naglilipat mula sa dating panahon ng pagdiriwang patungo sa 13–19 ng Agosto. Ginawa ito bilang pagkilala kay Pang. Manuel L. Quezon, na ang kaarawan ay tuwing 19 ng Agosto at itinuturing na "Ama ng Wikang Pambansa."

Taóng 1997, hulíng ipinagdiwang ang Linggo ng Wikang Pambansa na may temang "Wika ng Rebolusyon: Noon at Ngayon," bilang paggunita sa ika-100 anibersaryo ng kamatayan ni Andres Bonifacio at ng paparating na ika-100 anibersaryo ng Kasarinlan ng Pilipinas, 1898–1998.

Mula sa isang linggo, ipinagdiwang na ang Buwan ng Wika noong 1998 sa unang pagkakataon, sa bisa ng Proklamasyon Blg. 1041. Bagaman opisyal na nilagdaan ng Pang. Fidel V. Ramos ang proklamasyon noong 1997, ang unang selebrasyon nito ay isinagawa sa unang taon ng pamumuno ni Pang. Joseph Ejercito Estrada.

Sa temang "Wikang Filipino: Tugon sa Ika-21 Siglo," naging tampok sa isang buwang pagdiriwang na pinangunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagbubukás ng programa sa PUP Manila, mga kolokyum at forum tungkol sa wika, araw ng pagkakatatag ng KWF, at seremonya ng paggagawad na nagsilbing pangwakas na programa.

Ngayon, sa ika-28 taon ng Buwan ng Wika at may walong dekada nang kasaysayan, kinikilala ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026 ang pagbabagong dulot ng artificial intelligence (AI) sa temang "Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon."

Ngayong Agosto, ang KWF, kasama ang mga katuwang na institusyon sa bansa, ay naghanda ng mga programa at gawain para sa mas masigla at malaganap na paggamit ng wikang Filipino habang isinusulong ang responsableng paggamit ng AI.

Ang dating isang linggong kampanya para sa Wikang Pambansa ay naging isang buwang pagdiriwang ng wikang Filipino. Ang kasaysayan nito ay sumasalamin sa patuloy na pag-unlad ng Filipino bilang isang buháy na wikang Pambansa sa pagharap ng mga Pilipino sa mga hámon ng kasalukuyan at paghubog sa kinabukasan.

# Palasyo, ikinatuwa ang pagbagal ng inflation; nananatiling mapagbantay sa mga umiiral na hamon

Itinuturing ng Malacañang na magandang balita ang patuloy na pagbagal ng inflation nitong Hulyo, ngunit tiniyak na nananatiling magbabantay ang Administrasyong Marcos sa mga hamon na patuloy na nagbabanta sa seguridad sa pagkain at enerhiya sa bansa.

Sa isang pahayag ng Palasyo na pinalabas ni Presidential Communications Office (PCO) Undersecretary at Palace Press Officer Claire Castro, bumagal pa ang headline inflation sa 6.2 percent nitong Hulyo 2026 mula sa 6.4 porsiyento noong Hunyo.

Pangunahing dahilan nito ang mas mabagal na pagtaas ng presyo ng mga produktong hindi pagkain, habang nanatiling matatag ang food inflation.

Ayon sa pahayag ng Malacañang, "Magandang balita ang mga positibong pagbabagong ito, ngunit nananatiling nakamonitor ang administrasyon dahil nandiyan pa rin tensyon sa pulitika sa Gitnang Silangan, at ang epekto ng El Niño ay patuloy na nagbabanta sa presyo ng pagkain at enerhiya."

"Kaya naman patuloy na ipinapatupad ng pamahalaan ang mga tiyak na hakbang upang protektahan ang mga pamilyang Pilipino at panatilihing abot-kaya ang mga bilihin," dagdag ng pahayag.

Sinabi pa ng Palasyo na mas nagiging manageable na ang gastos sa transportasyon dahil humina ang pressure sa presyo ng krudo. Bumagal ang inflation sa diesel at gasolina kasunod ng pagbaba ng pandaigdigang presyo ng langis, na nakatulong upang mapigil ang pagtaas ng gastos sa transportasyon.

Gayunman, binigyang-diin ng Malacañang na hindi ito nangangahulugan ng pagluwag sa pagbabantay at patuloy pa rin na magmomonitor para lalo na sa epekto ng nangyayaring geopolitical tension sa Middle East.

Tuloy-tuloy din, ani ng Palasyo, ang pagpapatupad ng pamahalaan ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga pamilyang Pilipino at mapanatiling abot-kaya ang presyo ng mga pangunahing bilihin.

Dagdag pa ng Malacañang, nananatili ang layunin ng administrasyon na mapababa ang araw-araw na gastusin ng mga mamamayan, palakasin ang seguridad sa pagkain at enerhiya, mapangalagaan ang kakayahang bumili ng bawat pamilyang Pilipino, at mapanatili ang paglago ng ekonomiya na mararamdaman sa bawat tahanan.

'Kaya naman patuloy na ipinapatupad ng pamahalaan ang mga tiyak na hakbang upang protektahan ang mga pamilyang Pilipino at panatilihing abot-kaya ang mga bilihin. Malawakan pa rin ang ating layunin: pababaan ang gastusin sa araw-araw, patibayin ang seguridad sa pagkain at enerhiya, protektahan ang kakayahang bumili ng mga pamilyang Pilipino, at panatilihin ang paglago ng ekonomiya na pakikinabangan ng bawat tahanan," dagdag ng Palasyo. | ***PND***

# REBISYON SA ORTOGRAPIYANG UBU MONUVU, ISINAGAWA NG KWF SA LUNGSOD KIDAPAWAN

Nagsagawa ng Palihan sa Pagrebisa ng Ortograpiya ng wikang Ubu Monuvu ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 6–7 Hulyo 2026 sa Bernardo's Mountainside Resort, Ilomavis, Lungsod Kidapawan.

Ang mga gawain ay pinangunahan nina Tagapangulong Atty. Marites A. Barrios-Taran at Kom. Carmelita Abdurahman kasama ang mga mananaliksik ng KWF, SWK ng University of Southern Mindanao (USM), guro-manunulat mula sa DepEd Kidapawan, at mga elder ng komunidad ng Ubu Monuvu.

Naging katuwang ng KWF sa pananaliksik na ito ang mga kinatawan mula sa Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ng USM para matiyak ang maayos na implementasyon ng mga gawain at mapalakas ang ugnayan ng dalawang institusyon sa mga proyektong pangwika.

Sa unang araw ng palihan, tinalakay ni Dr. Jose Evie G. Duclay ang introduksiyon sa proyekto ng KWF na pagbuo ng ortograpiya, kabilang ang henetikong ugnayan ng mga wika sa Pilipinas. Ipinakilala ng mananaliksik na si G. Rolien Mark M. Balisi ang International Phonetic Alphabet (IPA) at ginabayan ang mga kalahok sa pagtuklas ng mga tunog na ginagamit sa wikang Ubu Monuvu.

Pinangunahan naman ng mananaliksik na si G. Christian DS. Nayles ang pagsulat ng mga kabanata ng ortograpiya, kabilang ang pantig at pagpapantig, pagbaybay na pabigkas at pasulat.

Sa ikalawang araw, ipinakita ng mga guro-manunulat ng USM sa mga elder ang mga nabuong kabanata sa Filipino at Ubu Monuvu upang matiyak ang wastong salin. Nagsagawa rin ng pamās, isang ritwal kung saan humihingi ng pahintulot ang mga datu sa kanilang diyos para sa binubuong ortograpiya.

Sinundan ito ng paglagda ng Memorandum ng Unawaan (MOU) sa pagitan ng KWF, USM, Department of Education (DepEd) Kidapawan, at Kidapawan LGU para sa ortograpiya at iba pang proyektong pangwika.

Sa hapon, nagsagawa ng courtesy visit ang mga kinatawan ng KWF sa Schools Division Office ng lalawigan ng Sultan Kudarat upang makipag-ugnayan at maghanda para sa isasagawang Oryentasyon sa Pagbuo ng Ortograpiya ng Mënubù Dulángan.

Ang Pagbuo ng Ortograpiya ng mga Wika ng Pilipinas ay isang patuluyang programa ng KWF sa ilalim ng Sangay ng Lingguwistika, Publikasyon, at Promosyon (SLPP) na naglalayong paigtingin ang dokumentasyon, pagpapaunlad, at pagsusulong sa paggamit ng mga katutubong wika sa Pilipinas

# Mga Sentro ng Wika at Kultura sa buong bansa, magsasagawa ng Tertulyang Pangwika

**LUNGSOD MAYNILA** — Nagsasagawa ang mga Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa iba't ibang pampamahalaang unibersidad at kolehiyo (SUCs) ng mga Tertulyang Pangwika bilang pakikibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto.

Sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), magsasagawa ang mga SWK ng mga forum, seminar, webinar, lektura, kolokyum, timpalak, at presentasyon ng mga papel-pananaliksik.

Itinatag ng KWF ang mga Sentro ng Wika at Kultura sa mga pampamahalaang kolehiyo at pamantasan upang isulong ang wikang Filipino at mga katutubong wika sa pamamagitan ng pananaliksik, pagsasalin, publikasyon, at iba pang gawaing akademiko.

Isa sa kanilang pangunahing taunang programa ang Tertulyang Pangwika, na nagsisilbing pagkakataon para maibahagi ng mga guro, mag-aaral, mananaliksik, tagasalin, at iba pang iskolar ang kanilang mga pag-aaral at pananaw.

Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay "Wikang Filipino at Artificial Intelligence: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon." Kinikilala nito ang lumalawak na paggamit ng artificial intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pananaliksik, habang binibigyang-diin ang kritikal, responsable, at etikal na paggamit nito, kabilang ang beripikasyon ng impormasyong nalilikha gamit ang AI, paggalang sa mga karapatan ng mga may-akda at iba pang pinagmumulan ng kaalaman, at pananagutan sa paggamit ng teknolohiya.

Tatalakayin sa mga tertulya ang pananaliksik sa wikang Filipino, dokumentasyon ng mga wikang katutubo, Filipino Sign Language (FSL), pagsasalin, komunikasyon, at edukasyon.

# KWF, Nagsagawa ng Courtesy Visit sa NCIP Koronadal at Ilang Unibersidad at SWK sa Mindanao

Nagsagawa ng courtesy visit ang mga kinatawan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa Regional Office ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa Lungsod Koronadal noong 9 Hulyo 2026.

Tinalakay sa pulong na ito ang kasalukuyan at mga susunod na proyekto ng KWF na nangangailangan ng koordinasyon sa NCIP.

Bumisita rin ang mga kinatawan ng KWF sa University of Santo Tomas (UST) General Santos City Campus para makipagpulong tungkol sa posibilidad ng pagtatatag ng Sentro sa Wika at Kultura (SWK) sa UST GenSan.

Bilang panghuling gawain, binisita ng mga kinatawan ng KWF ang Mindanao State University (MSU) General Santos City Campus at nakipagpulong sa SWK para sa pagpapaigting ng ugnayan at pagtutulungan sa mga proyektong pangwika.

Ang Sentro ng Wika at Kultura ay isang patuluyang programa ng KWF na naglalayong mas palakasin ang mga programa at gawaing pangwika at pangkultura sa loob ng pamantasan. Inaasahang magsisilbing gabay ang SWK sa pagpapayaman ng mga katutubong wika at kultura sa mga rehiyon sa darating na mga proyekto ng dalawang institusyon.

# Editoryal

## Bumaba rin ba o tumaas?

**SABI ng Philippine National Police ay bumaba sa 36.12 porsiyento ang antas ng krimen sa buong bansa nitong Hulyo kumpara sa kaparehong panahon noong 2025.**

**Noong Hulyo ng nakaraang taon ay 3,458 ang naitalang focus crimes o ang mga tinututukang krimen at bumaba sa 2,209 nitong Hulyo.**

**Ang focus crimes ay kinabibilangan ng pagpatay o murder, homicide, pisikal na pananakit, panggagahasa, robbery, theft, at pagnanakaw ng sasakyan at motorsiklo.**

**Ang panggagahasa ang nagtala ng pinakamalaking pagbaba na nasa 56.93 porsiyento, na sinundan ng pagnanakaw ng sasakyan (46.15 porsiyento) at pagnanakaw ng motorsiklo (42.59 porsiyento).**

**Sinasabing ito ay sumasalamin sa patuloy na pagsisikap ng PNP, kasama ang mga komunidad at mga ahensiyang katuwang sa pagpapatupad ng tungkulin, upang pigilan ang krimen.**

**Mayroong pumupuna at nagtatanong hinggil sa murder at homicide dahil sa kawalan ng inilabas na datos.**

**Bumaba rin ba o tumaas?**

## Takaful Products para sa Islamic community ng CARD MRI, inilunsad ng CARD MBA

Pormal nang ipinatupad noong Marso 23, 2026 ang Takaful Products ng CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA) para sa mga kliyente ng CARD, Inc. Paglambo at CARD Islamic Bank, bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na magbigay ng inklusibo at angkop na serbisyong pampinansyal sa iba't ibang komunidad, lalo na sa mga kliyenteng Muslim.

Layunin ng programang ito na maghatid ng proteksyon na sumusunod sa prinsipyo ng Shariah o Islamic law. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga miyembro na makakuha ng insurance na hindi lamang praktikal kundi naaayon din sa kanilang paniniwala at pamumuhay. Isa itong mahalagang hakbang upang mas mapalawak ang akses sa serbisyong pampinansyal para sa mga sektor na may partikular na pangangailangan.

Binubuo ang Micro Takaful Products ng tatlong pangunahing produkto: Family Takaful, Basic Takaful Extension, at Golden Takaful. Ang mga produktong ito ay idinisenyo upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga miyembro sa iba't ibang yugto ng kanilang buhay.

Ang Family Takaful ang nagsisilbing pangunahing polisiya ng mga kliyente. Saklaw nito ang miyembro at ang kanyang mga kwalipikadong legal dependents. Sa ilalim ng programang ito, may benepisyong matatanggap sakaling magkaroon ng pagkamatay o total and permanent disability ang miyembro o alinman sa kanyang dependents. Mayroon din itong hospitalization benefit kung sakaling maaksidente sa sasakyan ang miyembro o ang kanyang legal na asawa. Bukod dito, may kasama ring Retirement Fund component ang Family Takaful. Ito ay isang pondo na unti-unting binubuo upang magsilbing ipon ng miyembro para sa kanyang pagreretiro. Sa ganitong paraan, natutulungan ang mga kalahok na magkaroon ng mas maayos na paghahanda para sa kanilang kinabukasan.

Samantala, ang Basic Takaful Extension ay inilaan para sa mga miyembrong magreretiro mula sa Family Takaful pagsapit ng edad na 70. Sa pamamagitan ng produktong ito, patuloy pa rin silang magkakaroon ng basic protection kahit hindi na sila ay retirado na. Layunin nitong masigurong tuloy-tuloy ang proteksyon sa panahon na mas nangangailangan ng seguridad ang mga kliyente.

Ang Basic Takaful Extension ay inaalok bilang package kasama ang Golden Takaful, isang 10-pay whole life insurance plan. Nangangahulugan ito na maaaring makuha ang Golden Takaful kung ang miyembro ay kukuha rin ng Basic Takaful Extension. Ang dalawang produktong ito ay nagbibigay ng benepisyo sa oras ng pagkamatay ng miyembro, upang matiyak na may maiiwang tulong pinansyal para sa kanyang pamilya.

Noong Agosto 1, 2025, inilunsad din ng Asosasyon ang Financing Takaful, isang microtakaful product na nagbibigay ng proteksyon sa pinansyal ng obligasyon ng Takaful participants at sa mga accredited Islamic Financing Institutions ng CARD MBA. Tinitiyak nito ang 100% koleksyon na halagang ipinagkaloob ng participant sakaling magkaroon ng pagkamatay, Total and Permanent Disability (TPD), o Motor Vehicular Accident Hospitalization (MVAH). Sa ilalim ng programang ito, saklaw ng Financing Takaful ang participant sa buong panahon ng kontrata sa financing.

Sa pagpapatupad ng Microtakaful Products ng CARD MBA, inaasahang makikinabang ang maraming kliyente ng CARD, Inc. Paglambo at CARD Islamic Bank. Ang programang ito ay nagbibigay ng proteksyon laban sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng aksidente, pagkakasakit, at pagkawala ng mahal sa buhay.

Sa kabuuan, ang paglulunsad ng Takaful Products ay nagpapakita ng patuloy na pagsisikap ng CARD MBA at ng buong CARD MRI na maghatid ng serbisyong pampinansyal na may malasakit, inklusibo, at tumutugon sa iba't ibang pangangailangan ng komunidad. Inaasahan na sa mga susunod na buwan, mas marami pang miyembro ang makikinabang sa Takaful Products at magkakaroon ng mas matibay na proteksyon para sa kanilang kinabukasan. ***(Jireh Pearl Casionan, Junior Writer)***




# Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

## Ulan, sinasamantala ng mga kawatan

**SAKLAP** naman, nagpapatila lamang ng ulan ay nabiktima pa ng mga masasamang loob.

Magkatipan na sumilong subalit tinutukan ng patalim at baril dahilan ng pagkakakuha sa kanilang pera at iba pang gamit.

Kahit ang kanilang motorsiklo ay tinangay ng mga kawatan na de-motorsiklo rin.

Ang ulan ay mahigpit na kalaban ng nagmomotor lalo na kung malakas ang buhos.

Kahit nga nakasuot na ng kapote kung sadyang napakalakas ng buhos ng ulan ay maghahanap ng masisilungan.

May pagkakataon naman na hindi inaasahan ay biglaan ang pagbuhos ng ulan.

Hanap siyempre ng masisilungan para magpatila o kaya naman ay upang makapagsuot ng kapote.

Sinasamantala ng ilang masasamang elemento ang pagbuhos ng ulan sa paggawa ng krimen o pagnanakaw.

Bigla kong naalala ang isang insidente noon sa Kalakhang Maynila habang nasa kasagsagan ng ulan.

May isang babaing nakapayong na naglalakad at may nakisukob sa kanya.

Holdaper pala ang lalaki na habang sila ay naglalakad na nakapayong ay inakbayan ang babae at tintukan ng patalim.

Nanginginig sa takot at umiiyak ang babae na tumabi o gumilid sa kalsada at doon lamang nabatid ng ibang tao na siya ay naholdap pala.

Nakamotor o naka-sasakyan man at kahit naglalakad ay dapat alisto lalo kapag umuulan dahil maraming kawatan ang umaatake kapag ganitong panahon.

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE K. BILLONES**
*Managing Editor*

Ang '**HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Website: https://hanep.net**
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi

ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 114**
**CITY OF BACOOR, CAVITE**
2nd Floor, Main Square Mall, Molino Blvd., Bacoor City, Cavite
**Email: rtc1bcr114@judiciary.gov.ph**
**Phone No: 0908-499-0181**

**IN RE: PETITION FOR ISSUANCE OF A NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (057-2011013033) 1672016002954, OF THE REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**

**LENA LENGSON-SANTOS,**
Petitioner.

**LRC CASE NO. 8843-2026-45**

-versus-

**THE REGISTRY OF DEEDS FOR BACOOR CITY, PROVINCE OF CAVITE AND ALL PERSONS WHO HAVE OR CLAIM ANY INTEREST WHICH WOULD BE AFFECTED BY THE ISSUANCE OF SAID OWNER'S DUPLICATE,**
Respondents.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

O R D E R

On April 15 2026, petitioner, through counsel, filed this instant petition alleging among others that: (a) petitioner, together with her late husband, Emerson T. Santos, is the owner of a parcel of land covered by TCT No. (057-2011013033) 1672016002954; (b) the title was in the custody of Emerson T. Santos until it was lost prior to his death; (c) the title can no longer be found despite diligent efforts to locate the same and an Affidavit of Loss was executed; and (d) the property was declared for taxation purpose. Petitioner is praying that the court, after due notice and hearing, render judgment directing the Register of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch to issue another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-201103033) 1672016002954 with the same force and effect in lieu of the loss one.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is set for initial hearing on **September 15, 2026 (Tuesday) at 1:30 in the afternoon** at 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why the said petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the publication of the copy of this Order at her expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite at least thirty (30) days prior to the scheduled date of hearing.

The Sheriff of this court is ordered to post this Order in six (6) conspicuous places in the Province of Cavite, where the subject property is situated at least one (1) month prior to the aforesaid date of hearing, particularly at the bulletin boards of the following: (1) the main entrance of the Provincial Building of Cavite; (2) the main entrance of the City Hall Building of Bacoor City, Cavite; (3) the Hall of Justice of Bacoor City; (4) 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite; (5) the Registry of Deeds Bacoor City, Cavite; and (6) the Barangay Hall where the property is situated.

**SO ORDERED.**

IN CHAMBERS. This 22nd day of April, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)
**NIKKI ROSE DELA PEÑA ESPERANZA**
Presiding Judge

Copy Furnished:

**LENA LENGSON-SANTOS**
Petitioner
68 Tuesday St., St. Joseph Village, Niog 1, Bacoor, Cavite
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: ________________

**ATTY. MICHAEL PAUL G. REYSIO-CRUZ**
Counsel for Petitioner
205, Strata Building, F. Ortigas Jr. Road,
Ortigas Center Pasig City
Mgreysio-cruz@jstplaw.com
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: ________________

**RTC OCC**
2/F Old City Hall, Bacoor City, Cavite
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: ________________

**REGISTRY OF DEEDS-CAVITE**
Public Respondent
Provincial Capitol
Trece Martires City, Cavite
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: ________________

**REGISTRY OF DEEDS-BACOOR CITY**
Public Respondent
Bacoor Government Center
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: ________________

**Publication: HANEP** August 3, 10 & 17, 2026

---

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**MUNICIPAL TRIAL COURT IN CITIES**
**BRANCH 4, Imus City, Cavite**
**(Mobile: 0929-705-0443)**
**(E-mail: mtcc1imu004@judiciary.gov.ph)**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),** represented by Fidel P. Tan and **ANGELA J. FARILLON**, represented by her Attorney-in-fact, Gemma Parillon Hidalgo,
*Plaintiffs,*

**Civil Case No. 26-3099**
*For: Accion Publiciana*

*-versus-*

**CHRISTOPHER T. DELA PEÑA** and all persons claiming for and in his behalf;
*Defendant,*
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

SUMMONS BY PUBLICATION

**TO: CHRISTOPHER T. DELA PEÑA**
Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes, Malagasang 1-F, Imus City, Cavite

**GREETINGS:**

In accordance with the court's Resolution dated June 16, 2026, you, **CHRISTOPHER T. DELA PEÑA**, with given address at ***Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes, Malagasang 1-F, Imus City, Cavite*** are hereby summoned pursuant to Section 16, Rule 14 of the Rules of Court. You are DIRECTED to file with the Municipal Trial Court in Cities, Branch 4, Imus City, Cavite, your Answer to the above-entitled civil case within sixty (60) calendar days from the last date of publication, serving at the same time a copy of your responsive pleadings and/or Answer upon Plaintiffs' counsels, through email:

Legal and External Affairs Sector, Home Development Mutual Fund: lgcgdocket.litigation@pagibigfund.gov.ph / mumalabadpenolbo@pagibigfund.gov.ph

Atty. Marvyn L. Maristela (counsel for plaintiff Angela J. Farillon): maristela1011@yahoo.com / maristelalawoffice.legal@gmail.com

You are reminded of IBP-OCA Memorandum on Policy Guidelines dated March 12, 2002 to observe restraint in filling a motion to dismiss and instead allege the grounds thereof as defenses in the Answer. Should you fail to file your answer within the period fixed, the court, motu propio or on motion of the plaintiff, shall render judgment as may be warranted by the facts alleged in the complaint and its attachments.

PLEASE BE GUIDE BY THE FOLLOWING:

**STATEMENT OF FACTS**

On March 11, 2014, defendant Christopher T. Dela Peña entered into a contract to Sell with Homemark, Inc. covering a parcel of land with improvements thereon located at Blk 22 Lot 40 Phase 2, Green Estate Brgy. Malagasang 1-F Imus, Cavite. To finance the purchase, he obtained a loan from Pag-IBIG Fund in the amount of PHP704,810.50, the proceeds of which were directly released to Homemark, Inc. Following the loan release, Homemark, Inc. with conformity of the defendant, assigned its interests and the Contract to Sell over the subject property in favor of Pag-IBIG Fund. However, defendant subsequently defaulted on his monthly amortization, prompting Pag-IBIG Fund to cancel the Contract to Sell. Consequently, the property was classified as an Acquired Asset and later conditionally sold to plaintiff Angela J. Farillon, with the latter being granted authority to possess and exercise possessory rights over the subject property.

Alleging that defendant continued to occupy the property despite the cancellation of the Contract to Sell and several demands to vacate, plaintiffs pray:

WHEREFORE premises considered, it is most respectfully prayed to this Honorable Court that after due notice and hearing, judgment be rendered, as follows:

1. DECLARING the plaintiffs HDMF and Angela J. Farillon as the lawful possessors of the subject property;

2. ORDERING the Defendants and all persons claiming rights under them to PEACEFULLY VACATE the subject property and DELIVER the immediate and full possession of the subject property, together with all improvements thereon, to the Plaintiffs;

3.Ordering defendant to PAY the Plaintiffs reasonable compensation for the continued unlawful possession / occupation and use of the subject property in the sum of at least Two Thousand Five Hundred (P2,500.00) Pesos per month reckoned from Notice to Vacate date of November 27, 2024 until the date of the defendants and all persons claiming rights under him actually vacate the premises.

4. Ordering the Defendant to pay THIRTY THOUSAND (P30,000.00) PESOS and for Attorney's fees plus cost of this suit.

Other reliefs, just and equitable, are likewise prayed for under the premises.

WITNESS THE HON. RYAN DE LEON FERRAREN, Presiding Judge of this Court, this 16th day of June 2026 at Imus City, Cavite.

(Sgd)
**ATTY. CHAR MAE C. CASIL**
Officer-in-Charge

**Publication: HANEP** August 3, 10 & 17, 2026

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff**
**New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,**
**Kaybagal South, Tagaytay City**
**Email Address: rtc1tgtocc@judiciary.gov.ph**
**Contact Nos. 09676699985/(0460 419-0464**

**88 ASIA FINANCE CORPORATION,**
*Petitioner/Mortgagee,*

**EJF NO.** TG-26-068
**FOR: Extra-Judicial Foreclosure under R.A. 3135 as amended**

-versus-

**JOCIELYN BAUTISTA, Single and YURIB B. PACIA,**
*Respondents/Mortgagors,*
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by *Petitioner/Mortgagee*, **88 ASIA FINANCE CORPORATION**, a corporation duly organized and existing under and virtue of the Republic of the Philippines, with office address at 10th Floor Unionbank Center Manila, 208 Dasmariňas St., cor. Quintin Paredes St., Binondo Manila, pursuant to the terms and conditions of the Real Estate Mortgage executed and notarized on February 23, 2023, by *Respondents/Mortgagors* **JOCIELYN BAUTISTA, Single and YURIB B. PACIA**, of legal age, Filipinos, with residence and postal address at: (1) #7731 Purok 2, Brgy. Lalaan 1, Silang, Cavite and (2) Lot 2 Blk. 1 Road Lot 8, Gainsville Subd., Brgy. Bulihan, Silang, Cavite, in favor of the *Petitioner/Mortgagee,* over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2022005663** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the respondents-mortgagors in the amount of **ONE MILLION FOUR HUNDRED TWENTY SIX THOUSAND FIVE HUNDRED TWELVE PESOS (Php1,426,512.00),** inclusive of penalties and legal charges, as of July 2, 2026, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Oliver N. Mendoza, will sell at public auction on **September 10, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**No. 076-2022005663**
Registry of Deeds for Tagaytay City

"IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE, *bounded and described as follows:*
A PARCEL OF LAND (LOT 2, BLK. 1 OF THE CONS. SUBD. PLAN, PCS-04-018178, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 1, 2 & 3, PSD-59052 & LOT 4-C, PSD-04-042371, (LRA REC. NO. 20852), SIT. IN THE BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 1, BLK. 1; ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY RD. LOT 8; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 3; ON THE NE., ALONG LINE 4-1 BY LOT 6, BOTH OF BLK. 1, ALL OF THE CONS. SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN BEING S. 48 DEG. 53'W., 7539.94 M. FROM BLBM NO. 1, BO. CABILANG BAYBAY, MUN. OF CARMONA CAVITE; THENCE S. 23 DEG. 06'W., 11.50 M. TO PT. 2; THENCE N. 66 DEG. 54'W., 4.00 M. TO PT. 3; THENCE N. 23 DEG. 06'E., 11.50 M. TO PT. 4; THENCE S. 66 DEG. 53'E., 4.00 M. TO PT. BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF FORTY SIX (46) SQ. METERS. ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY PS. CYL. CONC. MONS. 15 X 40 CM.; BEARINGS TRUE; DATE OF ORIG SURVEY, JUNE 7-15, 1943 AND THAT OF THE CONS. SUBD. SURVEY, JULY 2-4, AUG. 27-28, & SEPT. 3-NOV. 30, 2001 AND WAS APPROVED ON NOV. 13, 2002.

*is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of*

***Owner:*** **JOCIELYN BAUTISTA,** SINGLE, OF LEGAL AGE, **FILIPINO**
***Address:*** 7731 BRGY. LALAAN 1, SILANG, CAVITE"

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **September 17, 2026**, without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2022005663,** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, July 21, 2026.

Sgd)
**ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

(Sgd)
**OLIVER N. MENDOZA**
Sheriff-in-Charge

WARNING :

**IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW**

Copy Furnished:

**88 ASIA FINANCE CORPORATION**
**c/o RONALD F. TAGUFA**
*Petitioner/Mortgagee*
10th Floor Unionbank Center Manila, 208 Dasmariňas St., cor. Quintin Paredes St., Binondo Manila

**JOCIELYN BAUTISTA, Single and**
**YURIB B. PACIA**
*Respondents/Mortgagors*
(1) #7731 Purok 2, Brgy. Lalaan 1, Silang, Cavite
(2) Lot 2 Blk. 1 Road Lot 8, Gainsville Subd., Brgy. Bulihan, Silang, Cavite

**Publication: HANEP** August 3, 10 & 17, 2026

---

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 114**
**CITY OF BACOOR, CAVITE**
2nd Floor, Main Square Mall, Molino Blvd., Bacoor City, Cavite
**Email: rtc1bcr114@judiciary.gov.ph**
**Phone No: 0908-499-0181**

**IN RE: PETITION FOR THE ISSUANCE OF NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-318124 IN LIEU OF THE LOST ONE,**

**LRC CASE NO. 8843-2026-58**

**RUBEN P. RIVERA, HEREIN REPRESENTED BY HIS ATTORNEY-IN-FACT, ESTRELLA C. DAYAG,**
Petitioner.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

On May 19 2026, petitioner, through counsel, filed this instant petition alleging among others that: (a) petitioner is the new owner of a parcel of land covered by TCT No. T-318124 by virtue of a Deed of Absolute Sale dated January 24, 2026; (b) prior the execution of the Deed of Absolute Sale, petitioner already paid the full contract price and the title was placed under his custody; (c) sometime on December 2025, petitioner found out that the title was missing from his filing cabinet; (d) the title can no longer be found despite diligent efforts to locate the same and an Affidavit of Loss was executed on January 22, 2026; and (e) the property was declared for taxation purposes. Petitioner is praying that the court, after due notice and hearing, render judgment directing the Register of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch to issue another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. T-318124 with the same force and effect in lieu of the loss one.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is set for initial hearing on **September 29, 2026 (Tuesday) at 10:00 in the morning** at 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why the said petition should not be granted. **Petitioner RUBEN P. RIVERA is directed to personally appear on the scheduled hearing.**

Petitioner is directed to cause the publication of the copy of this Order at their expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite at least thirty (30) days prior to the scheduled date of hearing.

The Sheriff of this court is ordered to post this Order in six (6) conspicuous places in the Province of Cavite, where the subject property is situated at least one (1) month prior to the aforesaid date of hearing, particularly at the bulletin boards of the following: (1) the main entrance of the Provincial Building of Cavite; (2) the main entrance of the City Hall Building of Bacoor City, Cavite; (3) the Hall of Justice of Bacoor City; (4) 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite; (5) the Registry of Deeds Bacoor City, Cavite; and (6) the Barangay Hall where the property is situated.

**SO ORDERED.**

IN CHAMBERS, this 24th day of June, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)
**NIKKI ROSE DELA PEÑA ESPERANZA**
Presiding Judge

Copy Furnished:

**RUBEN P. RIVERA**
Petitioner
18 Enders Filinvest East Homes, Mayamot, Antipolo City
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**ATTY. DEXTER A. BARRION**
Counsel for Petitioner
Unit B and C G/F De Castro Building, Emilio Aguinaldo Highway, Panapaan 4, Bacoor City, Cavite
barrionlawoffice@gmail.com
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**RTC OCC**
2/F Old City Hall, Bacoor City, Cavite
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**ESTRELLA C. DAYAG**
Representative
18A Aragon, Vista Verde Executive Village, Cainta, Rizal
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**REGISTRY OF DEEDS-CAVITE**
Public Respondent
Provincial Capitol
Trece Martires City, Cavite
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**REGISTRY OF DEEDS-BACOOR CITY**
Public Respondent
Bacoor Government Center
Order/Resolution served thru:
Date: ___________________
Remarks: _________________

**Publication: HANEP** August 10, 17 & 24, 2026

# TRB approves toll collection for CALAX Subsection 3




After providing toll-free access for three (3) months, the Toll Regulatory Board (TRB) has approved the start of toll collection for the Cavite-Laguna Expressway (CALAX) Subsection 3, covering Silang (Aguinaldo) to Governor's Drive in General Trias, effective August 9, 2026.

Since its opening on May 4, 2026, the new segment has provided free passage to almost 9,000 motorists daily, offering a more convenient and efficient travel option for residents, workers, students, and businesses in Cavite.

The 7.88-kilometer CALAX Subsection 3 was built to provide a faster alternative route for commuters and businesses, bypassing heavily congested local roads along Cavite's growing industrial and residential corridors.

Starting August 9, motorists using the CALAX Subsection 3 from Silang (Aguinaldo) Interchange to Governor's Drive will be charged the following rates: P35 for Class 1, P70 for Class 2, and P106 for Class 3 vehicles.

Meanwhile, the following toll rates will apply for motorists traveling from Governor's Drive in General Trias, Cavite, and going straight to Greenfield in Laguna: P117 for Class 1, P234 for Class 2, and P351 for Class 3 vehicles.

The opening of CALAX Subsection 3 brings the operational length of CALAX to 26 kilometers, starting from the Greenfield-Mamplasan Entry in Biñan, Laguna. Once fully completed, the entire expressway network is projected to serve up to 65,000 vehicles per day, strengthening regional connectivity and supporting the movement of people, goods, and services across Cavite, Laguna, and Southern Metro Manila.

CALAX is a vital infrastructure project designed to reduce travel time, ease traffic congestion on major local roads, and support economic growth in one of the country's fastest-growing regions.

# Kauna-unahang Pagsasanay sa Produksyon ng Nata de Coco, Dagdag-Kabuhayan para sa mga Magniniyog

Patuloy na pinalalakas ng Department of Agriculture-Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON ang kaalaman at kasanayan ng mga magniniyog ukol sa iba't ibang teknolohiyang may kinalaman sa produksyon at pagpoproseso ng niyog upang mapalawak ang kabuhayan at mapataas ang kanilang kita.

Bilang suporta dito, sinanay ng ahensya ang 30 magniniyog at mga nagpoproseso ng niyog sa kauna-unahang COCONUTa: Training on Nata de Coco Production and Processing sa rehiyon, na isinagawa noong Hulyo 21-23, 2026, sa Kititay Farm, isang Learning Site for Agriculture (LSA) sa Magdalena, Laguna.

Katuwang ang Philippine Coconut Authority (PCA) Region IV-A, nakibahagi sa hands-on demonstration ang mga kalahok sa ikalawang araw, kung saan aktuwal nilang isinagawa ang bawat hakbang sa paggawa ng nata de coco sa gabay ng mga tagapagsanay mula sa Cavite State University (CvSU). Nagsilbing mga tagapagsanay sina Engr. Andy Dizon, Bb. Allissa Abestado, at Dr. Camille Moron ng CvSU; gayundin sina Bb. Coleen Dimaranan at Bb. Laime Jane Guevarra ng PCA IV-A.

Nagtungo rin ang mga kalahok sa Alaminos, Laguna para sa isang benchmarking activity, kung saan kanilang nasaksihan ang mga angkop na pasilidad, best practices sa operasyon, at nakapanayam ang mga may-ari upang matuto mula sa kanilang mga karanasan at mahahalagang aral sa matagumpay na pagpapatakbo ng negosyo.

"Ang pagsasanay na ito ay nagbigay ng panibagong pananaw kung paano mas mapapakinabangan ang niyog sa pamamagitan ng value addition. Sa halip na ibenta lamang ang niyog bilang hilaw na produkto, ipinakita sa pagsasanay na maaari itong gawing mga produktong may mas mataas na halaga, tulad ng nata de coco, na may mas malaking potensyal na makapagbigay ng dagdag na kita sa mga magsasaka at kanilang mga samahan," ani Ruby Joy Castillano ng Luisiana, Laguna.

Sa pangwakas na programa, nagbigay ng mensahe si G. Warren M. De Guzman, Division Chief I ng PCA Laguna/Rizal. Hinikayat niya ang mga kalahok na gamitin ang mga kaalamang kanilang natutuhan at patuloy na paunlarin ang mga ito upang makalikha ng mga produktong may mas mataas na halaga mula sa niyog.

Samantala, binigyang-diin ni Dr. Rolando V. Maningas, RAgr, Center Director ng DA-ATI CALABARZON, na ang pagsasanay ay nagsisilbing simula pa lamang ng paglalakbay ng mga kalahok sa value-adding ng niyog. Hinikayat din niya ang mga kalahok na ipagpatuloy ang paglinang ng kanilang kakayahan at isabuhay ang kanilang mga natutuhan upang makalikha ng mga de-kalidad na produktong maaaring maging daan sa mas maunlad na kabuhayan.

Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, inaasahang higit pang mapalalawak ang kakayahan ng mga magniniyog at mga nagpoproseso ng niyog sa paglikha ng mga produktong may mas mataas na halaga, na magbubukas ng mas maraming oportunidad sa kabuhayan at mag-aambag sa patuloy na pag-unlad ng industriya.

***Ulat ni: Archie C. Linsasagin***

# SSS, BIR strengthen interagency cooperation through landmark partnership

**QUEZON CITY –** The Social Security System (SSS) and the Bureau of Internal Revenue (BIR) on Friday formalized a landmark partnership to strengthen compliance with tax and social security laws, enhance data sharing, and improve public service delivery.

The Memorandum of Understanding (MOU), signed by SSS President and Chief Executive Officer Robert Joseph M. De Claro and BIR Commissioner Atty. Charlito Martin R. Mendoza at the BIR National Office in Quezon City, establishes a framework for stronger institutional coordination in carrying out the agencies' respective mandates.

The MOU also lays the groundwork for a Memorandum of Agreement that will govern specific collaborative initiatives, including the establishment of the Taxpayer Identification Number (TIN) as a common and reliable identifier across the BIR and the SSS to enhance data integrity, strengthen compliance monitoring, and improve ease of doing business.

PCEO De Claro said the MOU marks a significant step in aligning the mandates, expertise, and resources of the SSS and the BIR.

"We all recognize that taxes provide the resources that enable our government to deliver essential programs and services to the Filipino people. Likewise, the social security contributions are the lifeblood of SSS operations, allowing us to provide meaningful protection and financial security to millions of workers, pensioners and their families," De Claro said.

"By strengthening our collaboration between our agencies, we are creating a more coordinated and responsive government, one that makes compliance easier, improves service delivery and ultimately benefits every Filipino."

BIR Commissioner Mendoza said the MOU provides a strong foundation for sustained collaboration between the two agencies, adding that its success will ultimately be measured by "simpler processes, stronger coordination, better informed decisions and more effective public service."

"Our mandates may be different, but our work is closely connected. Government works best when institutions trust one another enough to share responsibility, information and expertise," Mendoza said.

# RACCO IV-A SAMS Tightens Child Care Oversight with 85 Regionwide Monitoring Visits in the First Semester of 2026

**LAS PIÑAS CITY** — The Regional Alternative Child Care Office (RACCO) IV-A, through its Standards,, Accreditation, and Monitoring Section (SAMS), completed 85 monitoring and validation visits to Child Caring Agencies (CCAs), DSWD Residential Caring Facilities (RCFs), and other Social Work Agencies (SWAs) across CALABARZON during the first semester of 2026, reinforcing regulatory oversight and strengthening the delivery of Adoption And Alternative Child Care (AACC) Programs and Services under Republic Act No. 11642, or the Domestic Administrative Adoption and Alternative Child Care Act.

The regionwide monitoring covered Social Work Agencies operating 24-hour residential care facilities for children and included validation of agencies listed in the regional masterlist. The validation verified agencies that had ceased operations, transitioned to community-based programs, or no longer provided services to children, ensuring accurate records for regulatory planning and service coordination.

Conducted pursuant to NACC Memorandum Circular No. 3, Series of 2024, the visits assessed the quality of Adoption and Alternative Child Care services, reviewed children's case progression toward permanent family placement, identified operational and compliance gaps, and established action plans supported by technical assistance to strengthen compliance with national standards.

During the visits, SAMS reviewed the quality of Adoption and Alternative Child Care (AACC) services, assessed children's case progression toward permanent family placement, identified operational and compliance gaps, and worked with agencies to develop action plans that support timely permanency planning. Technical assistance was likewise provided to strengthen institutional capacity and improve adherence to national standards. The findings affirm the need for continued policy orientation, information dissemination, and technical assistance to help Social Work Agencies comply with national standards and strengthen alternative child care services.

Flor Cervantes, Social Welfare Officer II of the Standards, Accreditation, and Monitoring Section, said effective child care extends beyond compliance with regulatory standards.

"Monitoring allows us to look beyond documentation and examine how services are translated into meaningful outcomes for children," Cervantes said.

"Our responsibility is to help partner agencies strengthen their systems, improve case progression, and ensure that every child has the opportunity to grow in a safe, stable, nurturing, and permanent family." Cervantes added.

The monitoring program supports the broader implementation of Republic Act No. 11642 by addressing barriers that affect the delivery of adoption and alternative child care services, including the limited number of accredited agencies, delays in permanency planning, and the need for stronger child-centered practices across Social Work Agencies.

Through sustained monitoring, technical assistance, and collaborative engagement with partner institutions, RACCO IV-A continues to advance a more responsive adoption and alternative child care system that upholds the best interests of every child.

# Cavite Career Caravan Opens Doors to Jobs in Alfonso

Twenty-five jobseekers were hired on the spot as the Provincial Government of Cavite (PGC) brought employment opportunities and essential government services closer to residents through the Cavite Career Caravan held on July 29, 2026, at the Alfonso Municipal Plaza Covered Court.

Spearheaded by the Office of the Provincial Public Employment Services Manager (OPPESM), led by PESO Manager Ms. Rizalie Pinpin-Enero, the career caravan connected jobseekers with employers offering a wide range of employment opportunities while providing access to government services in a single venue.

The event drew 77 registered jobseekers and featured 15 local companies offering a total of 3,495 job vacancies.

The activity resulted in an immediate employment outcome, with 25 applicants hired on the spot, while another 25 were identified as near-hire applicants for further processing and consideration.

Beyond job matching and recruitment, the caravan also served as a one-stop venue for government assistance. A total of 151 clients availed themselves of services from participating national government agencies, providing residents with convenient access to various public services alongside employment opportunities.

The Alfonso leg of the Cavite Career Caravan underscores the PGC's continuing commitment to making employment assistance more accessible to Caviteños by bringing job opportunities directly into communities and strengthening connections between jobseekers, employers, and government service providers. — ***OPIO***

# OPPO CELEBRATES WORLD POPULATION DAY 2026

The Office of the Provincial Population Officer spearheaded the celebration of World Population Day 2026 on July 23, 2026, at the Admin Function Hall, New Provincial Government Center in Trece Martires City. With the theme, "Realizing the Hopes and Aspirations of Young People for Their Futures," the event aimed to strengthen public awareness on the importance of investing in the well-being, rights, and opportunities of young people as key drivers of sustainable development.

The celebration gathered provincial officials, partner agencies, youth organizations, educators, and other stakeholders in a meaningful program that highlighted the role of young people in shaping a more inclusive and resilient future. The event featured inspirational messages, educational discussions, and activities that encourage youth participation while promoting responsible population and development initiatives.

Through this activity, the Office of the Provincial Population Officer reaffirmed its commitment to empowering the youth by advocating for access to quality education, healthcare, livelihood opportunities, and informed decision-making. The celebration also serves as a platform to recognize the aspirations of the younger generation and the collective responsibility of government and communities in creating an environment where they can thrive. — ***OPIO***

# PSA RSSO IV-A, PSO Batangas and the City Civil Registry Office of City of Calaca Successfully Conduct Quick-Capture BRAP Barangay Gathering in Brgy. Lumbang Calzada, Calaca City, Batangas

The Quick-Capture BRAP Barangay Gathering was successfully conducted in Brgy. Lumbang Calzada, Calaca City, Batangas on July 30, 2026. It is to provide accessible and efficient assistance to residents applying for the BRAP (Birth Registration Assistance Project) program.

A total of 24 applicants were successfully assisted during the activity. Of these, 8 applicants were identified as OOT, while 6 were senior citizens, ensuring that priority and vulnerable sectors received the necessary support throughout the application process.

The activity also recorded strong participation from women, with 18 female applicants and 6 male applicants benefiting from the on-site assistance.

The successful implementation of the Quick-Capture BRAP Barangay Gathering reflects the commitment of the implementing agency and its partner local government units to bring essential government services closer to the community.

By conducting on-site application assistance, the initiative continues to promote faster, more convenient, and inclusive access to the BRAP program for qualified residents.

# Medical and Dental Mission Serves 474 Residents in General Trias City

The Provincial Government of Cavite successfully conducted a Medical and Dental Mission on July 29, 2026, in Barangay San Francisco, General Trias City, providing essential healthcare services to 474 residents.

The health mission offered free medical consultations, dental services, fasting blood sugar (FBS) tests, and ECG procedures to help promote the health and well-being of the community. Free medicines and vitamins were also provided to the patients through the OPG medical mission team.

The activity was made possible through the collaboration of health professionals from GEAMH, AMIGA District Hospital and Kawit Kalayaan Hospital, with the support of the RHU Kawit dental team, and assistance from Barangay Health Workers (BHWs) and Barangay Officials.

Residents expressed their gratitude to the Provincial Government of Cavite and all the healthcare workers for bringing accessible and quality healthcare services closer to the community. — ***OPIO***

# PGC extends Healthcare Services to Naic Residents

Continuing its mission of making quality healthcare more accessible to communities across Cavite, the Provincial Government of Cavite (PGC) made another meaningful stop in Brgy. Sabang, Naic on July 31, 2026, for a Medical and Dental Mission.

The health outreach event served 490 residents, providing 329 medical consultations, 53 dental services, 75 Free Blood Sugar (FBS) tests, and 33 Electrocardiogram (ECG) procedures, offering essential health services where they are needed most.

The activity was carried out through the efforts of the General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) medical team and the Office of the Provincial Governor (OPG), in collaboration with the barangay health workers (BHWs) and barangay officials, whose support ensured the successful delivery of services to the community.

With every community served, the PGC continues to turn its commitment to healthcare into meaningful action, promoting the health, well-being, and welfare of every Caviteño. — ***OPIO***

# DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE
## (Motor Vehicle)

**NOTICE** is hereby given that ENGELBERT A. BAGNAS who died on April 27, 2025 at City of General Trias Doctors Medical Center located at Brgy. Manggahan City of General Trias Cavite left as part of his estate the following motor vehicle:

**Make/Model:** Toyota Hilux Tamaraw 2.4FX DSL M/T-UVR-005
**Model Year:** 2025
**Series:** GUN122LAMMSXM3005
**Color:** Super White 2
**Engine No.:** 2G05736736
**VIN/Chasis No.:** PAHACACA45422770

The above-described motor vehicle has been fully paid and financed with the Philippine National Bank (PNB). This deed is executed for the purpose of securing the release of the original OR/CR from PNB and for all legal intents and purposes was extrajudicially settled by the surviving legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose Emmanuel Palconit as per Doc No. 511; Page 104; Book 1; Series of 2026.

**Publication: HANEP** July 27, August 3 & 10, 2026

# National Student-Athletes Championships (NSAC) World Invitationals ngayong Agosto 14 - 16

Apat sa mga nangungunang koponan ng kolehiyo sa basketball sa bansa ang haharap sa malaking hamon kapag sila ay nakipagtagisan sa National Student-Athletes Championships (NSAC) World Invitationals mula Agosto 14 hanggang 16 sa Philsports Arena sa Lungsod ng Pasig.

Bubuhatin ng San Beda, Far Eastern University, Santo Tomas, at ng bagong hirang na Filoil Cup champion na Jose Rizal University ang watawat ng Pilipinas sa tatlong araw at walong koponang palaro.

Ayon kay Jai Reyes, commissioner ng UAAP at chief organizer ng NSAC event, dalawang koponan mula Hapon at tig-isa mula Australia at Chinese-Taipei ang magbibigay ng hamon sa mga lokal na koponan sa palaro na gagamit ng mga alituntunin ng FIBA.

“Magandang makita ang antas ng ating mga collegiate team kapag nakakatapat ang mga dayuhang koponan,” aniya sa Philippine Sportswriters Association (PSA) Forum noong Martes sa media room ng Philippine Sports Commission.

Dumalo rin sa forum si Samahang Basketbol ng Pilipinas 3x3 project director Ryan Gregorio, at sinabing ibinigay ng SBP ang basbas nito sa kaganapan “upang matiyak na ang lahat ay ayon sa ating pananaw na mapabuti ang basketbol sa bansa.”

“Kailangan natin ng matitinding kompetisyon para magbago at umunlad. At ang isang paraan ay ang pagyakap sa mga alituntunin ng FIBA, hindi lamang para sa ating mga manlalaro kundi pati na rin sa ating mga coach,” sabi ni Gregorio sa forum na inihandog ng San Miguel Corporation, PSC, Philippine Olympic Committee, MILO, at ng 24/7 sports app ng bansa na ArenaPlus.

Pinasalamatan ni Reyes ang Philippine Sports Commission sa pamumuno ni chairman Patrick Gregorio sa buong suportang ibinigay nito sa palaro.

“Nagpapasalamat kami sa PSC sa pagtataguyod ng torneo. Hindi mangyayari ito kung walang suporta ng PSC,” sabi ni Reyes.

“Bahagi rin ito ng sports tourism program ng bansa. Gusto natin isulong ‘yan at alinman sa lumabas tayo ng bansa o dalhin sila rito. Mas mabuti para sa atin ang dalhin sila rito,” sabi ng opisyal ng SBP.




JAI REYES NSAC CHIEF ORGANIZER

**INIHAYAG** ni Jai Reyes, commissioner ng UAAP at chief organizer ng NSAC event. Sa kanyang pagdalo sa lingguhang PSA Forum sa PSC Media Room ang kahandaan para sa isasagawang National Student-Athletes Championships (NSAC) World Invitationals mula Agosto 14 hanggang 16 sa Philsports Arena, Pasig City. Kasama nito ang Samahang Basketbol ng Pilipinas Project Director Ryan Gregorio.





SMB - GEORGE KING VS JUSTIN ARANA - CONVERGE

**MAKIKITA** sa larawan ang aktibong pag basket ni San Miguel Beermen import George King kung saan ay muling nagdala sa panalo nito kontra FiberXers.

## George ng Beermen Hari pa rin ng panalo kontra FiberXers

Kinuha ng San Miguel ang 2-0 sweep laban sa Converge sa kanilang PBA Governors' Cup group stage series matapos ang 126-114 na panalo sa Smart Araneta Coliseum sa Quezon City.

Kumalas ang Beermen sa FiberXers sa tulong ng 37-21 na pagtakbo sa ikatlong kuwarter, na nagbaon sa dating manipis na 65-64 na abante sa kalahating oras tungo sa 102-85 na patong bago pumasok ang huling kuwarter.

Lumobo pa sa 21 puntos ang pamumuno ng SMB sa simula ng huling bahagi bago ito naibaba ng Converge sa walong puntos na lamang bago matapos ang laro. Ngunit bago tumunog ang huling hudyat, nagpakawala si Jerrick Ahanmisi ng isang apat na puntos na tirada na magiging mahalaga sa pamantayan ng quotients sakaling magkaroon ng tatluhang tabla o higit pa.

Nanguna para sa Beermen—na mayroon nang 5-2 na kartada at nakatuntong 1.5 laro sa likod ng nangungunang NLEX Road Warriors sa Group A si George King na nagtala ng 46 puntos mula sa 17 sa 28 na tumpak na tirada, kabilang ang 13 sa 17 sa dalawahang puntos at 3 sa 4 sa tatlohang puntos, kasama ang 14 na rebound, anim na assist, at tatlong steal.

Nag-ambag naman si Don Trollano ng 27 puntos mula sa 10-for-19 na tirada, kabilang ang 6-for-11 mula sa malayo, dalawang rebound, at tatlong assist galing sa bangko.

Nakamit naman ni June Mar Fajardo ang bihirang double-double na 21 rebound at 10 assist, kasama ang limang puntos at apat na block.

Nanguna sa FiberXers sina Jamaal Franklin at Calvin Abueva na parehong nagtala ng double-double na may tig-26 puntos at 12 rebound. Bagsak ngayon sa apat na sunod-sunod na pagkatalo ang Converge, na nagsimula mismo sa kanilang 122-128 na pagkatalo laban sa Beermen sa unang bahagi ng elimination round.

Nag-ambag si Justin Arana ng 17 puntos, 10 rebound, at tatlong assist, habang muntik nang magtala ng triple-double si Juan Gomez De Liaño sa kanyang 12 puntos, 10 rebound, at walong assist.

## Cabides at Amante naka gintong medalya sa 10th Aero Gymnastics Asian meet

Mula sa hindi inaasahang pagkakataon, dalawang baguhang tambalang Pilipino ang nakasungkit ng ginto at bronseng medalya sa youth mixed pairs event ng 10th Aerobic Gymnastics Asian Championships na iniharap ng Philippine Sports Commission.

Parehong nagningning sa nagdaang Palarong Pambansa sa Prosperidad, Agusan del Sur, sina Rhimel Daniel Cabides at Antonette Amante na nagpakita ng sigla at kariktan sa kanilang pagsayaw upang masungkit ang gintong medalya sa iskore na 17.80 puntos sa bagong-ayos na Tagaytay CT Velodrome.

Ang mga tubong-General Santos na sina Rhys Enoch Balmayor at John Mikaela Ladaran naman ang nagbigay ng ikalawang medalya ng bansa matapos makuha ang ikatlong pwesto (17.150) sa kompetisyong itinaguyod ng Philippine Olympic Committee at Philippine Amusement and Gaming Corp.

Sinulit ng dalawang tambalan ang kanilang kauna-unahang internasyonal na laban sa kompetisyong inorganisa ng Gymnastics Association of the Philippines (GAP) at binigyang-pahintulot ng Asian Gymnastics Union.

"Napatunayan namin maari kaming makapasabayan internationally," wika ni Amante, isang triple Palaro gold medalist, na tulad ni Cabides ay 14 taong gulang at Grade 8 student sa Teodoro Alonzo High School.

"Maganda na mapakinggan yung national anthem ng Pilipinas," dagdag pa ng maliit na atleta habang nakangiti ang kanyang kapares at kaklase sa kanyang tabi.

"Parang panaginip lang ang lahat. Hindi talaga namin ito inaasahan. Pangarap lang ito noon," sabi ni Ladaran, 11 taong gulang, habang kasama sa podium ang mga atletang mula Maynila.

"Sobrang proud ako sa dalawang tambalan. Naging mahirap din ang naging paglalakbay at pagsasanay ng mga bata kaya napakasaya ko sa naging resulta," pahayag ng coach at dating pambansang atleta na si Carlo Joshua Tangonan para sa kanyang mga alaga.

"Gusto naming pasalamatan ang GAP sa pagkakataong ibinigay nila sa aming mga junior athlete upang maipakita ang kanilang galing laban sa mga mahuhusay na gymnast sa Asya," dagdag ni Tangonan, na nakasungkit din ng bronseng medalya sa mixed pair event kasama si Charmaine Dolar noong 32nd Cambodia Southeast Asian Games.

Unang nagtanghal sa anim na finalist, nagmarka agad sina Cabides at Amante sa kanilang kahanga-hangang iskore na 17.80 puntos batay sa pinaghalong marka sa difficulty, execution, at artistry.

Naging kabado ang tambalan nang sumunod na nagtanghal ang iba pang mga kalaban sa mat nang sunod-sunod.

Ang pinakamalapit sa kanilang marka ay ang tambalang Vietnamese na sina Ann Thinh Tran at Ngoc Gia Nguyen na nakakuha rin ng 17.80 puntos, ngunit napunta sa pilak na medalya dahil sa marka sa execution 7.450 kumpara sa 7.50 ng tambalang Pilipino.

Nang lumabas na sa malaking TV screen ang pangkalahatang resulta na nagpapakitang nakuha ng tambalang Pinoy ang mahalagang gintong medalya, naghihiyawan sa kagalakan ang buong arena habang napaluha sa saya sina Cabides at Amante.



TOP 3 WINNER PHIL CABIDES AT AMANTE GOLD MEDALIST 2026 AEROBIC GYMNASTICS ASIAN CHAMPIONSHIPS

## Bernardino sasabak sa Singapore

Si Almario Marlon Quiroz Bernardino Jr., kinikilalang online Arena Grandmaster, ay nakatakdang kumatawan sa Pilipinas sa ika-24 ASEAN + Age Group Chess Championships na sinimulan mula Agosto 7 hanggang 17, 2026 sa Tampines Hub sa Singapore.

Ang 49-anyos na kilalang manlalaro mula Lungsod Quezon/Lungsod Mandaluyong ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa pagkakataong makasali sa tanyag na paligsahang ito ng ASEAN.

"Nais kong magpasalamat sa National Chess Federation of the Philippines (NCFP) sa pamumuno ni Chairman/President Cong. Prospero Pichay Jr., Bureau of Customs (BOC) Commissioner Ariel Nepomuceno, Kap. Marlon Manalo at Sir Ignatius Leong, sa pagbibigay ng suporta sa akin para sa paligsahang ito," pahayag ni Bernardino, beteranong manunulat sa isports at tagapagsalita sa radyo.

"Inaasahan kong makakuha ng mga puntos para sa aking ELO rating," dagdag pa ni Bernardino, na nagmula sa Binalonan, Pangasinan.

Kamakailan lamang ay nagwagi si Bernardino sa 100th Saturday Evening Casual Blitz Chess Tournament na ginanap sa Red Knight Chess Cafe, Bambini Villa, Sukhumvit, Bangkok, Thailand noong nakaraang Agosto 1, 2026. ***(Marlon Bernardino)***



ALMARIO MARLON QUIROZ BERNARDINO JR. ONLINE ARENA GRANDMASTER